Panalangin kontral lindol, may problema

INSPIRASYON SA BUHAY: **"…** `Ang mga nakikinig ng Salita ko at tumutupad sa mga ito ay… matalino… Ang mga nakikinig ng Salita ko na hindi naman tumutupad sa mga ito ay… hangal'…" (si Jesus, ang ating Diyos at Tagapagligtas na Siyang Diyos Ama, Anak, at Espiritu Santo, sa Mateo 7:24, 26, Bibliya).

-ooo-

PANALANGIN KONTRA LINDOL, MAY PROBLEMA: Marami na naman ang nagsusulong ng mga dasal sa ngayon, para daw sa kaligtasan nila mula sa lindol, gaya ng lindol noong Lunes, Abril 22, 2019. Ang problema, hindi basta dasal ay tutugunin. Sabi ni Jesus, hindi lahat ng nananalangin at tumatawag sa Kaniya ng "Diyos Ko" ay Kaniyang pakikinggan. Bakit? Magbasa po tayo ng Bibliya!

Sa totoo lang, nagiging katawa-tawa ang maraming mga mananampalatayang Kristiyano pag dumadating ang mga kalamidad, tulad ng mga lindol at mga bagyo o baha. Lumilitaw kasi, doon lang nila naaalaala ang pagdarasal o ang manalangin sa Diyos. Pag walang kalamidad, walang pakialam ang marami sa kanila sa Diyos. Ni hindi nga sila nakakaalam (kaya hindi sila nakakasunod) sa mga utos ng Diyos.

Marami sa mga mananampalatayang ito ang umaasa na pakikinggan ng Diyos ang kanilang mga pagsamo, kahit na tuwing may problema lang nila naalaala ang Diyos. Ang problema nila, makatarungan ang Diyos. Alam ng Diyos kung sino ang tunay na tumutupad at gumaganap sa Kaniyang mga utos, at ito lamang ang mga tinutugon ng Diyos sa kanilang mga panalangin.

-ooo-

LOKOHAN ANG PANANAMPALATAYA SA DIYOS NG MARAMI: Sa totoo lang, balintuna o parang lokohan lamang ang pananampalataya ng maraming Kristiyano sa ating bansa sa ngayon. Kasi, bagamat nagsasabi silang nananampalataya sila sa Diyos, hindi naman nakikita sa kanila ang pakikinig sa Salita ng Diyos, at lalong hindi nakikita sa kanila ang tapat na pagsunod sa mga utos ng Diyos.

Marami nga sa kanila ang nabubuhay ngayon sa kasinungalingang tiyak na nagmula sa diyablo na ipinapakalat ng mga tao na kontrolado ng kadiyabluhan ang isip sa mundo: na hindi na kailangan pang alamin ang mga utos ng Diyos mula sa Bibliya, kaya hindi na kailangan pang magbasa sila ng Bibliya. Sapat na daw na sila ay nananalangin, at nananampalataya o naniniwala sa Diyos.

Aba, teka. Papaano masasabi ng isang mananampalataya na naniniwala siya sa Diyos kung hindi naman niya alam ang mga utos ng Diyos? Kung hindi alam ng isang tao ang mga utos ng Diyos, masasabi ba niya na talagang tagasunod siya ng Diyos? Paanong masasabi ng isang tao na sumusunod siya sa Diyos kung hindi naman niya alam ang mga utos ng Diyos na dapat niyang sinusunod?

-ooo-

HINDI LAHAT NG NANANALANGIN AY PINAKIKINGGAN NG DIYOS: Tapos, balintuna din ang pananaw na okay na, basta nananalangin ang isang tao. Ang mga tao na ganito ang sinasabi ay ligaw sa katotohanan na hindi lahat ng dumadalangin at tumatawag ng "Diyos Ko" sa Diyos ay pakikinggan ng Diyos. May kondisyon ang paborableng pagtugon ng Diyos sa mga nananalangin o sumasamo, o humihiling, sa Kaniya.

Sa talakayan sa Simbahang Anak ng Diyos Kadugo Ni Kristo (AND KNK) noong Sabado, Abril 20, 2019, naipakita ang kondisyon kung papaanong tutugon ang Diyos sa mga nananalangin at ipagkakaloob sa kanila ang kanilang hiling: kailangang nakikinig ang mga nananalangin sa mga Salita ng Diyos, at sinusunod ng tapat ang Salita.

Nasa pag-alam at pagtupad o pagsunod ng buong totohanan sa mga Salita ng Diyos ang sikreto ng paborableng pagtugon ng Diyos sa mga hiling at pagsamo. Ibig sabihin, dapat magsumikap ang isang tao na magpakadalubhasa sa Salita ng Diyos at makasunod ng lubos sa Salita, upang dumaloy sa kaniya at sa kaniyang mga mahal sa buhay ang pagpapala, gabay, at proteksiyon ng Diyos sa lahat ng sandali.

-ooo-

TAWAG NA PARA SA BIBLE STUDIES AT PRAYER MEETINGS NG AND KNK: Sa mga nais dumalo sa mga Bible Studies at Prayer Meetings ng Simbahang Anak ng Diyos Kadugo Ni Kristo (AND KNK), tumawag o mag-text po kayo sa mga numero ko: 0977 805 9058, 0917 984 2468, 0918 5740193 at 0933 825 1308, o mag-email sa batasmauricio@yahoo.com, o magpadala ng inyong mga mensahe sa akin sa Facebook (www.facebook.com/attybatas). Salamat sa Diyos sa Ngalan Ni Jesus!

ADVERTISING RATES

COMMERCIAL ..... P180/col.cm.
LEGAL/ NOTICES ..... P160/col.cm.

NORTH SOUTH JOURNAL
PATAS AT MAKATARUNGANG PAMAHAYAGAN

ANG **NORTH SOUTH JOURNAL** ay inilalathala ng **NorthSouth Journal**, tuwing araw ng Linggo na may tanggapan sa 385 Alima, Bacoor, Cavite
Tel. No. (046) 434-6167

email:
northsouthjournal2018@gmail.com
southstarprintcenter@yahoo.com

MANILA OFFICE: 372 Real St. cor. San Antonio Valley 17, Talon 1, Las Piñas City, (beside Brgy. Hall) Tel. No. (02) 817-0607
ILOCOS NORTE OFFICE: Banna, Ilocos Norte

ROSITA C. CACACTIN
Publisher
EDILBERTO JULIAN
Marketing
RODRIGO FABRO
Circulation Officer (NCR)
JULIUS C. CACACTIN
Circulation Officer (CALABARZON)
Gen. CESAR P. KABILING (ret.)
LEO CANTA
Consultants

FLORENDO T. CACACTIN
Associate Publisher & General Manager
MANNY CALDITO
DAN DANAO
JULIUS JULIAN
Correspondents
Atty. BATAS MAURICIO
Atty. FERNANDO PERITO
Legal Counsels

NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
NATIONAL WATER RESOURCES BOARD

ADDAS DEVELOPMENT CORPORATION/
FIRST STREAMLINE WATERWORKS, INC.,
Applicant. Case No. 19-2724
x - x

NOTICE OF HEARING

Applicant, an authorized operator of the waterworks system within Addas Village I, Barangay San Nicolas 2, Bacoor, Cavite, applies for the renewal of Certificate of Public Convenience and authority to increase water rates as follows:

PROPOSED RATES

Residential / Institutional / Public Taps		Commercial / Industrial	
Consumption, cu. m.	Peso / cu.m.	Consumption, cu. m.	Peso / cu.m.
0 – 10 (min.)	₱ 290.00 (min.)	0-25 (min.)	₱ 1,447.50 (min.)
11 – 20	30.50		
21 – 30	32.50	26 - 1000	65.00
31 – 40	35.40		
41 – 50	39.00	Over 1000	78.00
Over 50	43.00		

Notice is hereby given that this application will be initially hears by the Board on **May 27, 2019**, hearing will start at **9:00 o' clock in the morning** at the NWRB-WUD Conference Room, 8th Floor, NIA Building, EDSA, Quezon City at which time applicant shall present its evidence.

At least fifteen (15) days prior to the scheduled hearing, applicant shall publish this notice once in a daily newspaper of general circulation in the province of **Cavite** and send by personal delivery or registered mail a copy of (i) the application and its attachments, and (ii) this notice, to all affected parties appearing on page 2 hereof.

Parties opposed to the granting of the application must file their written opposition supported by documentary evidence on or before the above scheduled date of hearing, furnishing a copy of the same to the applicant.

Failure on the part of any affected party to file its opposition on time and to appear at the hearing will be construed as a waiver of their right to be heard and the Board will proceed to hear and decide the application based on the evidence submitted.

Likewise, failure by the applicant to appear at the hearing shall amount to lack of interest on its part and the instant application shall be dismissed accordingly.

Witness the Honorable Executive Director of the National Water Resources Board this 2nd day of April 2019.

By Authority of the Board:

Dr. SEVILLO D. DAVID, JR. CESO III
Executive Director

Affected Parties:

The Secretary
Sangguniang Bayan
Bacoor, Cavite

The Barangay Captain
Barangay San Nicolas 2
Bacoor, Cavite

The Homeowners Assn. President
Addas Village II
Barangay San Nicolas 2
Bacoor, Cavite

The Administrator
Metropolitan Waterworks & Sewerage System
MWSS Compound, Katipunan Road
Balara, Quezon City 1105

North South Journal: April 29, 2019